Taon XXXV Blg. 3 Pebrero 7, 2004 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Militarisasyon sa Mindoro, militanteng nilalabanan

Isinasagawa ngayon ng Armed Forces of the Philippines sa Paluan, isang maliit na bayan sa Occidental Mindoro. Sa kabila ng papalapit na muling pagbubukas ng pormal na usapang pangkapayapaan, pinaiiral ngayon ng rehimeng Arroyo at ng AFP ang batas militar sa naturang lugar.

Mataas na militansya ang ipinamamalas ng mamamayan sa harap ng matinding terorismo ng AFP sa Occidental Mindoro. Buong-tapang nilang pinaninindigan ang kanilang mga karapatang-tao, tinututulan ang panggigipit ng AFP at ginagawa ang lahat ng paraan upang isiwalat ang nagaganap na karahasang-militar doon.

Sa harap ng mga pananakot, pagsagka at pamamasistang militar, mahigpit ang pagpupursige ng KA-RAPATAN-Southern Tagalog upang maalalayan ang taumbaryo; at maimbestigahan, maisiwalat at maibsan ang mga pang-aabuso at pandarahas sa kanila ng mga

militar.

Mahigpit na nakipag-ugnayan at mainit na sumalubong ang mga Mangyan doon sa KARAPATAN-ST upang isiwalat ang katotohanan tungkol sa mga pang-aabusong militar at makipagkoordina para makatakas mula sa pagkukulong sa kanila sa impyernong ginawa ng mga militar sa kanilang mga komunidad.

Palipat-lipat ang mga Mangyan sa iba't ibang nilikasan dahil di sila tinantanan ng mga militar. Binagtas nila ang mas mahirap, mas mahaba at mas masalimuot na mga daan dahil sa mga pagbabanta at paghaharang ng mga militar.

Pagdating sa poblasyon ng Paluan, sa tulong ng KARAPATAN-ST ay nakasukob sila sa simbahang Katoliko. Pero di pa rin sila tinantanan at pilit pa ring pumapasok ang militar para kunin ang mga bakwit upang interogahin, takutin at gamiting giya sa mga operasyong militar ng AFP.

Ngunit matatag silang tumutol at tumanggi. Sa kabiguang duruin ang mga bakwit at sa sobrang kahihiyan, naglabas ang militar ng bulaang istorya sa midya na "idinedetine ng mga komunista ang mga Mangyan."

Salamin lamang ang Paluan sa tindi ng brutalidad at panlilinlang

Mga tampok sa isyung ito...

Mga pagbati sa ika-35 anibersaryo ng Partido PAHINA 3 Internet: Bagong larangan ng propaganda

PAHINA 6

Bush, walang makitang WMD sa Iraq

PAHINA 8

na kaakibat ng kontra-rebolusyonaryong digmang inilulunsad ng rehimeng Arroyo sa buong kapuluan. Subalit higit pa rito, salamin din ang Paluan ng paglaban. Di magkandatuto ang pasistang militar sa tatag ng paninindigan at kapasyahang makibaka ng mamamayan doon. Ito and tataq kapasyahang ipinamamalas din sa ibang dako ng bansa ng sinumang mamamayang api at pinagsasamantalahan na namulat na sa katotohanan at ngayo'y naninindigan. Matingkad ring inilalarawan nito ang malalang pagkainutil ng rehimen at buong naghaharing sistema na supilin ang mamamayan at rebolusyonaryong kilusan.

Upang labanan ang militarisasyon sa isla, naglunsad ang Bagong Hukbong Bayan ng taktikal na opensiba laban sa 19th Special Forces Coy sa Bongabon, Oriental Mindoro noong Enero 25. Nanawagan ang Partido sa BHB sa iba't ibang bahagi ng bansa na patindihin ang mga taktikal na opensiba laban sa mga sandatahang pwersa ng gubyerno para masamantala ang sobrang konsentrasyon ng mga pasistang pwersa sa ilang lugar na tulad ng Mindoro at pagbayarin nang mahal ang AFP matitinding pang-aabuso nito sa karapatang-tao.

Samantala, nananawagan ang Partido sa gubyernong Arroyo na kaqyat na ihinto ang matinding militarisasyon at tantanan na ng AFP ang mamamayan sa Paluan at sa mga bayan ng Abra de Ilog at Mamburao. Higit itong makakatulong sa muling pagbubukas ng pormal na usapang pangkapayapaan. Nananawagan din ang Partido sa gubyernong Arroyo na makipaqtulungan sa National Democratic Front upang pabilisin ang pagbubuo ng Joint Monitoring Committee para mangasiwa sa implemen-Comprehensive tasyon nq Agreement on Respect for Human Rights and Internatio-Humanitarian (CARHRIHL), at dinggin at siyasatin ang mga reklamo tungkol sa paglabag sa karapatang-tao.

Taon XXXV Blg. 3 Pebrero 7, 2004

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matataqpuan sa:

www.philippinerevolution.org.

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: angbayan@yahoo.com

#### Nilalaman

Editoryal	1
Militarisasyon sa Mindoro	2
Mga pagbati sa ika-35 anibersaryo	3
Matatagumpay na TO	4
Laganap ang disgusto sa AFP	5
Internet: Larangan ng propaganda	6
Walang makitang WMD sa Iraq	8
Balita	9

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

## **Pagtindi** ng militarisasyon at mga paglabag sa karapatang-tao



ahagi ng opera-Dsyon na **AFP** upang tugisin ang mga kasapi ng BHB ang pagtambak ng malaking bilang ng mga pasistang tropa at mabibigat na kaga-

mitang militar sa Paluan at hangganan nito sa mga bayan ng Abra de Ilog at Mamburao. Pinaniwalaan nilang nakakampo sa lugar na ito ang malaking bilang ng tropa ng BHB ngunit wala silang inabutan dito. Dahil sa kanilang kabiguang abutan ang mga Pulang mandirigma, itinuon ng mga pasistang tropa ang kanilang desperasyon at karahasan sa katutubong Mangyan na nakatira sa lugar.

Iniulat na mahigit 2,000 tropang militar mula sa Philippine Army, Navy at Air Force ang lumusob sa lugar. Limang helicopter gunship, tatlong spy plane (eroplanong panq-espiya), limang howitzer at dalawang tangke ang ipinwesto rito at dalawang barko ng Philippine

> Navy ang pinagpapatrulya ngayon sa kalapit na baybayin. Nagbanta Maj. Jose Broso, Public Information **Officer** na Southern Luzon Unified Command, na hindi nila tatantanan ang Mindoro hanggat hindi ito "ganap na mapalaya mula sa kontrol ng mga komunistang terorista."

> Walang habas ang operasyon sa karapatang-tao. paglabag sa Pinakaapektado rito ang mga residente ng mga sityo ng Aglimasan at Talahib sa Barangay Harrison, Paluan kung saan unang nagpakawala ng pasistang teror ang AFP. Mahaba ang listahan ng walang pakundangang panununog at paninira ng kabahayan, pagna

nakaw ng mga ari-arian, pagpapaputok, harasment, pambubugbog at pananakit.

Di bababa sa pitong sibilyan ang dinukot ng mga elemento ng 16th IB. Tatlo sa kanila ay hindi pa inililitaw hanggang ngayon. Tinakot, binantaan, hiniya at tinortyur ng mga sundalo ang mga katutubong Mangyan. Binastos ang kababaihan.

Nagsilikas ang mga katutubong Mangyan upang makaiwas sa panggigipit at pang-aabuso ng mga militar. Ngunit sinugsog din sila ng mga militar hanggang sa mga pinaglikasan nila sa sentrong baryo at karatig-baryo at patuloy silang ginipit at binantaan.

Pinagbawalan silang lumayo pa at hinarang ng mga militar ang mga daanan nila. Kasama ang 500 pang residente mula sa mga karatig-baryo, binagtas ng mga taga-Barangay Harrison ang iba't ibang mahahaba at tagong daan para makatakas patungo sa sentro ng Paluan.

Ilang beses ipinagbawal ng militar and pagpasok sa Occidental Mindoro ng mga organisasyong nagtatanggol sa karapatang-tao. Matagumpay lamang na nakapasok ang mga grupo bunga ng katapangan at pagpupursiqe nq kanilang mqa myembro. Ngunit kahit ang mga ito ay hindi ligtas sa pangaabuso ng AFP. Noong Enero 22, hinarang ng mqa lalaking nakabonet at nakapatiq and siyam-kataong tim ng KARAPA-TAN-Southern Tagalog, dalawang kilometro mula sa tsekpoynt ng 16th IB. Sinamsam ang kanilang mga kagamitan at mga hawak na dokumentasyon ng paglabag sa karapatang-tao sa Paluan at mga karatiq-bayan. Kinulata armalayt ang dalawang lalaking myembro ng tim.


## Mga pagbati sa ika-35 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas

Ipinaabot ng iba't ibang mga partido komunista mula sa iba't ibang sulok ng mundo ang kanilang mainit na pagbati sa Partido Komunista ng Pilipinas sa okasyon ng ika-35 anibersaryo nito noong Disyembre 26, 2003. Magkakaiba man ang ginamit nilang lenggwahe, ipinabatid ng lahat ng mga mensaheng ito ang kanilang proletaryong rebolusyonaryong pakikiisa sa PKP at pagpupugay sa matagumpay na pamumuno nito sa rebolusyonaryong pakikibaka ng mamamayang Pilipino.

Ang mga nagpaabot ng mensahe sa PKP ay kabilang sa malawak na pandaigdigang lambat ng mga kapatid sa uri at kasama sa pakikibaka ng mga komunista at mamamayang Pilipino. Sila ay nakikiisa, sumusuporta at matamang sumusubaybay sa mga pagsulong at tagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyonaryong kilusan na may sosyalistang perspektiba sa Pilipinas.

Nagmula man sa mga bansang kapitalista o mga bansang malakolonyal at malapyudal, ang mga partido at organisasyong ito ay pawang bumabagtas sa rebolusyonaraksyon, palayain ang proletaryado at mamamayan at kamtin ang kalayaan, demokrasya at sosyalismo sa kani-kanilang bansa at sa daigdig.

Sa kanilang mga mensahe, ipinaabot nila ang pagkilala at pagpapahalaga sa rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas na pinamumunuan ng Partido. Ito'y nagsisilbi sa kanila bilang inspirasyon at ilaw sa rebolusyonaryong pakikibaka sa kanikanilang bansa. Kinilala nila ang tagumpay ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto ng Partido sa Pilipinas at ang mga ibinunga



#### "Mga pagbati", mula sa pahina 3

nitong pagsulong sa pagbubuo ng Partido at sa rebolusyonaryong pagkilos. Hinangaan nila ang pagpupunyagi at pananaig ng Partido at rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas sa harap ng matinding panggigipit na ginagawa ng imperyalismo at reaksyon sa ngalan ng antiterorismo.

Ang mga karanasan at pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan ay ipinababatid nila sa mamamayan ng kinalalagyan at kinikilusan nilang mga bansa. Sa pakikipag-ugnayan sa PKP, ibinabahagi rin nila ang kanilang mga karanasan sa iba't ibang larangan ng pakikibaka upang magsilbi ring inspirasyon sa mamamayang Pilipino. Katulad ng PKP, sinisikap nilang pamunuan ang proletaryado at mamamayan sa kani-kanilang bansa sa landas ng makauring tunggalian sa pamamagitan ng iba't ibang anyo at pamamaraan ng puspusang pakikibaka.

Malawak ang pakikipag-ugnayan ng Partido Komunista ng Pilipinas sa mga kapwa komunista at rebolusyonaryong partido at organisasyon sa iba't ibang panig ng daigdig. Ipinakikita nito na sa lahat ng dako ng mundo ay humuhulagpos ang mamamayang api at pinagsasamantalahan mula sa gapos ng imperyalismo at reaksyon, at nakikibaka para sa kalayaan, demokrasya at sosyalismo tungo sa komunismo. Pare-parehong kumikilala ang mga ito na ang daigdig ay nasa bisperas ngayon ng muling pagragasa ng kilusang anti-imperyalista at sosyalista sa pamumuno ng mga partido komunista.



#### Sa iba't ibang dako ng bansa...

**Masbate:** Tinambangan ng mga Pulang mandirigma ang tropa ng Philippine Air Force sa Barangay Cabrera, Dimasalang, Masbate noong Pebrero 3. Isang sundalo ang napatay at 12 ang sugatan.

**Cagayan.** Matagumpay na tinambangan ng isang platun ng Bagong Hukbong Bayan-Fortunato Camus Command sa kanlurang Cagayan nitong Pebrero 1 ang mga tropa ng 17th IB at kasama nitong CAFGU. Apat na sundalo at isang elemento ng CAFGU ang napatay habang nasugatan ang tatlo pang sundalo.

Nagpapatrulya ang mga elemento ng Bravo Company sa Sityo Escolta, Barangay Dungan, Rizal nang ambusin sila bandang alas-6 ng umaga. Sumaklolo ang dalawang helikopter ng Philippine Air Force ngunit hindi na nito naabutan ang mga Pulang mandirigma.

**Catanduanes.** Sinalakay ng isang platun ng BHB ang imbakan at kinumpiska ang matataas na kalibreng baril ni Meyor Armando T. Guerrero ng Gigmoto noong Enero 20. Nasugatan sa reyd ang alkalde.

Ayon kay Theresa Magtanggol, tagapagsalita ng Eduardo Banaag Command-BHB ng Catanduanes, walang planong saktan ang alkalde. Ngunit nagmatigas at nanlaban ito kaya napilitang barilin siya ng BHB upang manyutralisa.

Dating pulis si Meyor Guerrero at pantabing sa pagiging "warlord" niya ay ang kanyang security agency. Ginagamit niya itong panakot hindi lamang sa kanyang mga karibal sa pulitika kundi, higit sa lahat, sa mamamayan. Protektor din siya ng mga sindikato sa iligal na droga sa Catanduanes.

#### Kabilang sa mga nagpadala ng mensahe ang sumusunod:

Partido de la Liberación (*PL*) de Argentina • Partido Comunista Revolucionario de la Argentina • Kommunistische Aktion-Marxistisch-Leninistisch (*Austria*) • Socialist Party of Bangladesh • Workers Party of Bangladesh • Workers' Party of Belgium • Communist Party of Great Britain • New Communist Party of Britain • Communist Party of Brazil-Red Fraction • Communist Party of Brazil (*PCdoB*) • Workers' Communist Party of Denmark (*APK*) • Workers' Communist Party of France • Marxist-Leninist Party of Germany • MLPD • Workers' League for the Restoration of the Communist Party of Germany • Communist Party Of India (Marxist-Leninist) New Democracy • Communist Party Of India (Marxist-Leninist) Liberation • Communist Party Of India (Marxist-Leninist) People's War • International Leninist Current (*ILC*) • Organisation of Iranian People Fadaii Guerrillas • The Irish Republican Socialist Party • Partito Comunista Maoista (*Italy*) • Communist Party of Japan (Left) • Japan Communist League (*JCL*) • Anti-Imperialist Revolutionary Forum (*Nepal*) • Communist Party of Nepal (*UML*) • GML/Rode Morgen (*Netherlands*) • New Communist Party of the Netherlands • Anti-Capitalist Alliance (*New Zealand*) • Workers' Party of New Zealand • Communist Party Marxist Leninist (*Revolutionaries*) • Communist Party of Turkey • Partido Comunista Revolucionario del Uruquay at iba pa....

## Patuloy na kumukulo ang disgusto sa loob ng AFP

Isa na namang grupo ng mga upisyal ng reaksyunaryong hukbo ang lumitaw at naghayag sa publiko ng kanilang matinding pagbatikos sa mga nakatataas na upisyal at umiiral na kalakaran sa Armed Forces of the Philippines (AFP) at gubyerno.

Lumantad ang "Kawal-Pilipino" noong Enero 26 sa isang media conference kung saan ipinahayag nila ang kanilang matinding disgusto. Binatikos nila ang pagpapakasangkapan ng mersenaryong AFP sa mga reaksyunaryong pulitiko at pagkakahati-hati nito dahil sa paglilingkod sa mga magkakaribal na pampulitikang paksyon ng mga naghaharing uri.

Ibinunyag nila sa partikular ang lansakang paggamit ni Gloria Arroyo sa mga pwersa at rekurso ng AFP para sa kanyang kampanyang elektoral at para manmanan at ipitin ang kilos ng kanyang mga karibal sa pulitika. Kaugnay nito, hiniling nila ang pagbibitiw ni Defense Secretary Eduardo Ermita, na ginawang Chief Campaign Officer para sa kandidatura ni Arroyo.

paglantad ng "Kawal Ang Pilipino" ay pinakahuli lamang sa serve ng mga lantad at di lantad, armado at di armadong pagpapahayaq ng pagtutol ng mga karaniwang sundalo at mabababang upisyal ng militar na sintomas ng malaganap malalim at pagkadisgusto at hidwaan sa loob ng AFP. Ipinakikita lamang ng lahat ng ito ang lubhang kabulukan at patalong landas ng reaksyunaryo AFP at qubyerno sa gitna ng desperado at terminal nang kalagayan ng pinaglilingkuran nilang naghaharing pulitikal at sosyoekonomikong sistema.

Tulad sa mga nagdaang pagkilos ng mga sundalo at nakabababang upisyal ng AFP ang naging reaksyon ng nakatataas na mga upisyal ng AFP at gubyerno. Sa halip na seryosong tingnan ang batayan ng mga protesta, ang tanging naisip lamang ng pamunuan ng AFP at gubyerno na gawin ay ang awtomatikong pagbatikos, mabilis na pagsupil, karakarakang prosekyusyon sa mga natukoy at napapasakamay nila, pagbabanta sa iba pa at pagsisikap na patuloy na malinlang ang kabuuan ng mga pwersang militar at mamamayan.

ipinaaresto Agad na kinasuhan ng rehimen ang limang nakababang upisyal na ipinagpalagay nitong mga lider ng Kawal-Pilipino. Nahaharap sila ngayon sa korte para sa kasong pambabastos umano sa bandila ng Pilipinas dahil sinulatan nila ito ng salitang "Kawal." Sinampahan din ng kaso sa korte militar ang tatlo sa limang inarestong upisyal ng AFP dahil umano sa paglabag sa disiplinang militar. Idinawit din sa kasong pambabastos ang iba pang kalaban sa pulitika ng rehimen na nakaugnayan at tumulong sa Kawal-Pilipino. Isa na rito si Pastor "Boy" Saycon, pangkalahatang kalihim ng Council for Philippine Affairs at apat pang lider ng oposisyon at ilang retiradong upisyal militar.

Pilit ding idinadawit ng rehimen sina Vice President Teofisto Guingona at Sen. Loren Legarda. Gustong palabasin ng AFP at ng Malakanyang na ang Kawal-Pilipino ay ginagamit lamang ng mga kalaban nito sa pulitika.



Samantala, tuluy-tuloy nauungkat ang mga kaso ng malakihang korapsyon sa loob ng AFP. Naiulat nitong Enero na kumikita ng mahigit P100 milyon kada buwan ang matataas na upisyal ng Department of National Defense at AFP mula sa sweldo at alawans ng 9,000 "multong sundalo." Aabot sa 7,000 pangalang nakalista bilang regular na tropa at 2,000 bilang elemento ng CAFGU ang nabunyag na gawa-gawa lamang ng DND at AFP. Bukod pa rito, kinupit din ng naturang mga upisyal ang pondo "Maintenance and Other Operating Expenses" na nakalaan din para sa naturang mga "multong sundalo."

Sa harap ng mga ito, mahalagang seryosohin at pag-ibayuhin ng mga kadre at pwersa ng Partido, Bagong Hukbong Bayan at rebolusyonaryong kilusan ang pagkilos sa hanay ng reaksyunaryong militar. Sikaping mahimok ang maraming may kahandaan at pumapasa sa pamantayan na bumaligtad at sumanib sa BHB at rebolusyonaryong kilusan. Ang iba'y maaaring makipagkoordina sa rebolusyonaryong kilusan, mapakilos sa loob ng reaksyunaryong hukbo o mapatiwalag man lamang sa bulok, reaksyunaryo at pasistang militar at mapigilan sa patuloy na paglahok sa panunupil at pang-aabuso ng AFP sa mamamayan.

## Internet: Bagong larangan ng propaganda


umamit ng anumang kompyuter na nakakabit sa internet<sup>1</sup>. Itayp and www. philippinerevolution.org o prwc. netfirms.com sa browser<sup>2</sup>. Sa ilang saglit lamang, bubungad na parang larawan sa telebisyon ang pahinang nagtatanghal ng paninindigan, pananaw, programa, kultura, kasaysayan at iba aspeto nq Komunista ng Pilipinas at ng rebolusyong Pilipino. Ito ang Philippine Revolution Central o PRWC, and sentral na website<sup>3</sup> hinggil sa rebolusyonaryong pakikibaka sa Pilipinas.

Sa pamamagitan ng *internet*, nagsisilbing daluyan ang PRWC upang ang propaganda, mga panawagan at mga hayag na publikasyon at dokumento ng Partido, Bagong Hukbong Bayan at iba pang rebolusyonaryong organisasyong pinamumunuan ng Partido ay malawak at mabilis na naipalalaganap sa rebolusyonaryong hanay, sa mga kaibigan, sa buong bayan at sa buong daigdig.

Ibayong itinatanghal at ipinakikilala ng PRWC ang Partido at rebolusyong Pilipino sa malawak na hanay ng mamamayan sa loob at labas ng bansa.

Sa ngayon, isa na itong establisadong hayag na daluyan upang mabilis na palaganapin ang rebolusyonaryong paninindigan sa mga kasama, mga kapatid na komunista at rebolusyonaryong partido at organisasyon, masmidya, kaibigan at sinuman sa loob at labas ng bansa.

Mabisang nagagamit din ng iba't ibang yunit at mga kasama sa



Partido at rebolusyonaryong kilusan ang *internet* bilang mabilis at episyenteng daluyan ng komunikasyon nang may kaukulang pagtitiyak sa seguridad.

#### Unang pagsisikap

Nagsimula ang masiglang paggamit ng Partido at rebolusyonaryong kilusan sa internet noong 1997 nang unang lumabas ang website ng National Democratic Front. Noong 1999 naman ay binuo ang www.angbayan.org. Mula noon, ang AB ay mas mabilis nang nakukuha ng mga mambabasa saanmang dako ng bansa at daigdig kung saan pwedeng makaugnay sa internet. Noong 2000, sinundan ito ng Ka Roger Online na naging instrumento rin sa mabilis at malawak na pagpapalaganap ng mga pahayag ni Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng Partido. Sa

panahong ito, may pailan-ilan na ring rebolusyonaryong pahayagang masa sa mga rehiyon na nakapagtayo ng kani-kanilang website.

Nawala sa *internet* ang *AB*, NDF, Ka Roger Online at iba pang *website* na pinamamahalaan ng iba't ibang yunit ng Partido sa mahabang panahon mula pagtatapos ng 2001. Ito ay dahil sa pang-iipit at unilateral na pagsasara ng US sa mga *server* na ginagamit ng mga *website* natin na iniuugnay sa terorismo. Binigyang-katwiran ang pagpapasara sa mga ito ng US Patriot Act, isang mapanupil na batas na binuo bilang reaksyon sa mga atake sa US noong Setyembre 11, 2001.

Kalagitnaan na ng 2002 nang muling maitayo ang upisyal na website ng Partido at rebolusyong Pilipino. Tumulong ang isang grupo ng mga Maoistang nakabase sa US na nag-alok ng kanilang server.

Pinangalanan itong Philippine Revolution Web Central noong Hulyo 2002 at mula noon ay nagsilbi nang sentral na website ng Partido at rebolusyong Pilipino.

## Lagakan ng rebolusyonaryong dokumento

Ang PRWC ay nagsisilbing lagakan ng mga makasaysayan at mahahalagang rebolusyonaryong dokumento. Halimbawa, matatagpuan sa seksyon nitong "CPP Documents" ang Konstitusyon ng Partido at Programa para sa Demokratikong Rebolusyong Bayan. Nasa seksyong "NPA" naman ang kasaysayan at mga saligang alituntunin ng Bagong Hukbong Bayan.

Samantala, and mga seksyong "Ang Bayan" (kung saan makukuha ang mga nagdaan at pinakabagong isyu ng AB), "Public Information", NDF at "Ka Roger Online" ay mapagkukunan ng mga pinakasariimpormasyon, wanq balita, pahayaq at paqlilinaw ukol sa mga tampok na isyung pambansa at internasyunal. Sa "Publications," tampok ang mga pambansa, pangorganisasyon panrehiyong at rebolusyonaryong publikasyon. Itinatanghal naman ang mga tula, dula, awit, sanaysay, maigsing kwento, drowing, komiks, poster at iba't iba pang makasining na lathalain sa seksyong "Kultura." Sa "Gallery of Heroes and Martyrs," pinararangalan ang kabayanihan ng mga kasamang nag-alay ng buhay para sa sambayanan.

Mula sa PRWC, maaaring tumawid patungo sa bagong tayong website ng National Democratic


### **Fortunato Camus Online**

PINAKABAGONG dagdag na rebolusyonaryong pahina sa *internet* ang Fortunato Camus Online (http://www.fortunatocamus.tk), ang upisyal na *website* ng Partido Komunista ng Pilipinas-Northeastern Luzon (PKP-NEL).

Tampok sa website ang mga pahayag, sitwasyon ng rehiyon at mga prubinsya sa NEL at talaan ng mga martir ng rebolusyon sa rehiyon. Dito mababasa ang mga pinakahuling isyu ng Baringkuas, ang rebolusyonaryong dyaryo sa NEL, mga pinakasariwang pahayag ng mga organo ng Partido at kumand ng BHB sa mga maiinit na isyung lokal at pambansa, gayundin ang talaan at parangal sa mga kasamang nagbuwis ng buhay para sa rebolusyon at mga parangal sa kanila. May isang seksyon din para sa mga litrato ng pagkilos ng mga kasama.

Front (http://ndf.wanadoo.nl). Gayundin, maaaring makita ang daan patungo sa Fortunato Camus Online, website ng rehiyunal na organisasyon ng Partido sa Northeastern Luzon, Rebolusyon (teoretikal na organo ng PKP), Kabataang Makabayan at Filipino Artists for National Democracy.

Ipinakikita ng dinamismo ng PRWC ang masiglang gawaing propaganda ng buong Partido at rebolusyonaryong kilusan. Ang mga laman nito ay ambag ng mga kasama mula sa iba't ibang bahagi ng organisasyon ng Partido at rebolusyonaryong kilusan.



#### Pamamahala

Ang PRWC ay buong panahong pinangangasiwaan ng isang komite ng Partido. Bagamat walang pormal na pagsasanay, kolektibo't tuluy-tuloy na pinag-aaralan ng mga kasama rito ang iba't ibang kaalaman sa kompyuter at *internet* upang epektibong mapatakbo at maitaguyod ang *website*.

Nagpapakabihasa sila sa mga kaalamang teknikal at paggamit ng mga kinakailangang programa sa kompyuter. Gumagamit sila kapwa ng Windows at Linux operating system kung saan tumatakbo ang Apache web server. Nag-aaral din sila ng lenggwaheng Perl at JavaScript para sa mga kinakailangang pagpoprograma ng kompyuter. Ginagamit din nila ang iba't ibang software tulad ng Dreamweaver para sa paghabi ng mga pahina.

Sa pamamagitan ng regular at napapanahong paglalabas ng PRWC at ng iba pang mga pagsisikap na gamitin ang *internet*, hindi nahuhuli ang Partido at rebolusyonaryong kilusan sa paggamit ng relatibong bagong midyum at mga bagong teknolohiya para sa Partido at rebolusyon. Sinasalamin nito ang dinamismo ng Partido at rebolusyonaryong kilusang pinamumunuan nito.

<sup>1</sup> Isang pandaigdigang lambat na nagdudugtong ng mga kompyuter na nagpapabilis ng palitan ng datos at mga impormasyon.

<sup>2</sup> Isang programa sa kompyuter na ginagamit para sa pagbabasa ng mga webpages sa internet. Halimbawa nito ang Internet Explorer at Netscape Navigator.

<sup>3</sup> Kalipunan ng mga magkakaugnay na pahina na pinangangasiwaan ng isang indibidwal o organisasyon.

## Rehimeng Bush, di na maitanggi na walang WMD sa Iraq

Sa kauna-unahang pagkakataon, napilitan ang rehimeng Bush nitong Enero 30 na aminin na wala itong anumang ebidensya na mayroong imbak ng weapons of mass destruction (WMD) ang Iraq bago ito lusubin ng US noong Marso 2003. Tusong isinangkalan ng US ang kasinungalingan tungkol sa umano'y banta ng WMD ng Iraq sa kapayapaan ng daigdig.

Bago ito, nagbitiw noong Enero 24 si David Kay, punong konsultant ng Irag Survey Group (ISG), isang 1,200-kataong grupo na binuo ng gubyernong Bush sa ngalan ng "Coalition of the Willing" noong Hulyo para pilitin sanang makatuklas pa rin ng anumang ebidensya ng pagkakaroon ng malaking bolyum ng mga WMD sa Iraq. Binuo ang ISG matapos ipirmi ng UN Weapons Inspection Team at ng marami pang iba na walang signipikanteng palantandaan ng WMD sa Iraq.

gawing Chief siya Bago Consultant ng ISG, si Kay ay naging Vice President ng Science Applications International Corporation (SAIC), isang pribadong korporasyong sangkot sa mga "kontra-teroristang" gera ng US sa ibang bansa. May \$650 milyong kontrata ito para sa pagseserbisyo at pagsuporta sa US Army sa Iraq at may mga kontrata rin sa paggawa ng mga kagamitan ng US na tipong-WMD, tulad ng mobile biological vans.

Ayon kay Kay, ang tanging nakita nila sa Iraq ay mga labi ng mga dating WMD na kusang dinistrungka ng Iraq at di muling binuhay pagkatapos ng unang pag-atake ng US doon 1991. Mayroon noonq ding nakitang ilang maliitan at di signipikanteng laboratoryo na maaaring qinamit noon sa pananaliksik sa biological weapons (mga sandatang gumagamit ng mikrobyo para maghasik ng nakamamatay o lubhang nakapipinsalang sakit sa kaaway).

Kasabay nito, inamin ng ilang matataas na upisyal ng US Army at ng Central Intelligence Agency na bago ang pagsalakay ng US sa Iraq, matagal na nilang alam na wala namang maramihang WMD roon. Ibinulgar din ni Paul O'Neill, dating Secretary of Treasury ni Bush, na ang planong pagsalakay sa Iraq ay binuo ng rehimeng Bush bago pa man ang mga atake sa US noong Setyembre 11, 2001. Aniya, kailanman ay hindi napag-usapan kaugnay niyon ang mga WMD. Si O'Neill, na dating malapit na kaibigan ng pamilyang Bush, ay isa na ngayon sa pangunahing nagsisiwalat sa baho, kababawan ng pag-iisip at lansakang pagsisinungaling ng rehimeng Bush.

Nalantad sa mga pangyayaring ito ang kahungkagan ng doktrinang Bush na "preemptive strike" laban sa mga bansang gustong palabasin ng imperyalismong US na banta sa pambansang seguridad ng US.

Pinatingkad ng mga usaping ito ang walang hangganang agresyon ng imperyalismong US sa ilalim ng neokonserbatibong (sukdulang kanan) pamumuno ni Bush. Gagawin niya ang lahat at maghahabi siya ng pinakagarapal at pinakatusong kasinungalingan para bigyang-matwid ang mga mapanalakay, sakim at mapang-aping pagpapalawak at pagsusuhay sa superpower na kapangyarihan nito.

Samantala, walang tigil ang mga pagtutol at labanan sa Iraq at Afghanistan. Sa pamamagitan man ng "pasipikasyong" militar, pagtatayo ng papet na gubyerno at hukbo, pampulitikang panlilinlang o iba't ibang anyo ng panunuhol, kabilang na ang pagpapangako ng soberanyang inilalako ng US, hindi mapahupa ang paglaban ng mamamayan sa mga mananakop.





## Trimedia conference, idinaos sa Mindanao

PINARANGALAN ng National Democratic Front-Mindanao (NDF-Mindanao) ang midya sa pahayagan, radyo at telebisyon sa isang pampublikong pagtitipon na ginanap sa isang larangang gerilya noong Enero 6. Dumalo ang mahigit 50 kagawad ng midya at ilang pulitiko.

Sa umaga inilunsad ang programa kung saan nagpugay si Jorge "Ka Oris" Madlos, tagapagsalita ng NDF-Mindanao, sa mahalagang papel na ginagampanan ng midya sa lipunan. Pinangunahan ng Red Limaong Platoon ang mga presentasyong pangkultura sa programa.

Isang konsultasyon ang ginanap noong hapon sa pagitan ng mga rebolusyonaryong pwersa sa isla at mga inimbitahang tagamidya at pulitiko. Uminog ang pag-uusap sa kahilingan ng mga pulitiko na palawigin ang itinakdang tigilputukan ng NDFP. Ngunit tinanggihan ito ng NDFP-Mindanao alinsunod sa pagtanggi ng pambansang liderato ng NDFP.

Sa hapon ding iyon, naglunsad ng *media conference* kung saan tinalakay ni Ka Oris ang mga usaping kinakaharap ngayon ng rebolusyonaryong kilusan. Mahigit 2,000 katao ang nagtipon para sa aktibidad, kabilang ang masa sa sonang gerilyang pinagdausan nito. Isang kumpanya ng BHB ang lumahok mismo sa aktibidad habang isa pa ang nagsilbing pwersang panseguridad. Tiniyak din ng NDFP ang maayos na pakikipag-ugnayan ng midya sa kanilang mga upisina, kabilang dito ang paglalaan ng mga cellphone para sa kanilang gamit.

Sa araw ding ito, idinaos ang pinagsanib na *media conference* nina Gregorio "Ka Roger" Rosal, pambansang tagapagsalita ng PKP at Simon "Ka Filiw" Naogsan, tagapagsalita ng CPDF, sa isang larangang gerilya sa Mt. Province.

### Mga manggagawa sa RFM, nagwelga

NAGWELGA kamakailan ang mahigit 200 manggagawa ng Republic Flour Mills (RFM) pagkatapos mabigo ang negosasyon sa pagitan ng maneydsment at unyon para sa huling dalawang taon ng kanilang Collective Bargaining Agreement (CBA).

Tumangging magbigay ng makatarungang alok ang RFM. Hanggang P12 lamang ang gusto nitong idagdag sa sahod sa loob ng dalawang taon samantalang sa huling CBA ay nakapaglaan ito ng P72 dagdag sa sahod.

Binatikos ng mga manggagawa ang kasinungalingan ng RFM na hindi nito kayang magbigay ng dagdag na sahod dahil lugi umano ang kumpanya. Katunayan, ang RFM na pangalawang pinakamalaking kalipunan ng mga produktong pagkain at inumin sa bansa ay kumita ng P10 bilyon noong 2001. Kabilang sa mga produkto ng RFM ay White King (mga produktong nakabatay sa arina), Selecta (ice cream), Swift (mga produktong karne), Little Ceasar's (pizza), Sunkist (juice) at Selecta Moo (gatas).

#### Piso, muling bumagsak

MULI na namang bumagsak sa pinakamababang antas ang piso. Nagsara nitong Pebrero 3 ang palitan ng piso sa P56.20 laban sa dolyar. Isinisisi ng mga ekonomista ang pagbagsak sa mga bantang kudeta at iba pang usaping elektoral, samantalang sintomas lamang ito ng mabuway at batbat sa krisis na ekonomya. Tinatayang aabot pa ang palitan tungong P60=\$1 bago matapos ang taong 2004.

Sa harap nito, nagbabala ang Standard Chartered Bank (SCB), isa sa mga dayuhang bangko na nasa bansa, na posibleng humantong ang Pilipinas sa pinansyal na krisis na katulad sa dinanas ng Argentina noong 2001.

Ang maramihang paglikas noon ng mga dayuhang kapitalista sa Argentina dala ang kanilang puhunan ang nagbunsod sa kakulangan ng suplay ng dolyar, pagkalugi ng maraming negosyo at pagsasara ng mga bangko.

Tinukoy ng SCB ang pagbagsak ng nakolektang buwis nang 15% sa 2003 at ang kaliwa't kanang pangungutang ng rehimen upang punan ang dambuhalang depisit sa badyet. Tinatantya nitong mahigit 50% ng kabuuang depisit ay tinutustusan ng pangungutang. Noong nakaraang taon, umabot sa P199.86 bilyon ang depisit ng gubyerno.

Maging ang Bangko Sentral ng Pilipinas ay sumasang-ayon sa pagtatasa ng SCB sa pinansyal na katayuan ng bansa.



## Pakikibaka laban sa imperyalistang gera, pinagtibay sa Bombay, India

IBAYONG pinagtibay ng mga aktibista ang pakikibaka laban sa imperyalistang gera at militarismo sa mundo sa pagtatapos ng limang araw na World Social Forum (WSF) sa Mumbai, lunsod ng Bombay sa kanlurang India noong Enero 21.

Sinimulan ang anti-globalisasyong pulong noong Enero 16 kung saan nagtipon ang may 100,000 delegado mula sa iba't ibang bansa. Pagkatapos maglaan ng araw sa paglalahad ng at diskusyon sa kalagayan ng pandaigdigang kalakalan ng US, mga dambuhalang negosyo at dayuhang utang, simula Enero 18 ay tinalakay sa WSF ang tungkol sa kilusan laban sa imperyalistang gera at militarismo. Partikular na tinutukan nila ang mga gerang pinamumunuan ng gubyernong US. Kinoordina at pinag-ugnay-ugnay ng WSF ang mga kilusan sa bawat bayan at bansa laban sa imperyalistang gera at para sa kapayapaan.

#### Rebolusyonaryong gubyerno, itinatag sa Timog Nepal

ITINATAG kamakailan lang ng mamamayang Magar ang isang rebolusyonaryong qubyerno sa katimuqang bahagi ng bansang Nepal sa ilalim ng pamumuno ng Komunista ng Partido Nepal (Maoista). Ayon sa kanilang upisyal na website, Krishnasen Sambad Samiti, mahiqit 75,000 katao ang dumalo sa seremonya ng pagtatatag sa Thawang, isang baryo sa distritong Rolpha. Sa araw na iyon, napuno ng mga pulang bandila ang kabundukan ng Rolpha.

Bago ito, ang mga kinatawan mula sa iba't ibang lugar ng rehiyon ay naglunsad ng isang kumbensyon sa baryo ng Thawang. Sa baryong ito sinimulan noong 1996 ang digmang bayan at siya ngayong tumatayong sentro de grabidad ng Maoistang rebolusyonaryong kilusan sa Nepal.

Matagumpay na napangibabawan ng mamamayan ang matitinding karahasang militar ng gubyernong Nepali at matatag na isinulong ang rebolusyonaryong pakikibaka sa Nepal.

#### 50,000 nagwelga sa mga pagawaan ng metal sa Germany

DALAWANG araw na tumigil ang produksyon ng metal sa anim na estado ng Germany nang magwelga ang mahigit 50,000 manggagawa rito. Iginiit nilang itaas ang kanilang sahod nang 4%. Nilalabanan din nila ang plano ng mga kapitalista na pahabain ang oras ng pagtatrabaho nang walang kapalit na pagtaas ng sahod.

Pinamunuan ng unyong IG Metall ang welga na nagsimula noong Enero 29 sa timog kanlurang Baden-Wuerttemberg kung saan may 32,000 manggagawa ang kumilos. Sumunod ang iba pang trabahador sa limang estado ng Germany.

Hanggang Pebrero 1 apektado pa rin ang produksyon ng dalawang kumpanyang lumilikha ng mga kotseng Daimler-Chrysler at Audi, ang ZF na tagasuplay ng mga baha-bahagi ng kotse, ang kumpanyang Bosch at isang yunit pang-enerhiya ng kumpanyang Siemens.

#### Paghandaan at pag-ibayuhin ang propaganda para sa ika-35 anibersaryo ng BHB

PARA sa pagdiriwang ng nalala-

pit na ika-35 anibersaryo ng Bagong Hukbong Bayan at paghahanda para rito, pinapanawagan sa lahat ng mga yunit ng



Partido, BHB at rebolusyonaryong organisasyong masa ang pag-iibayo ng ating propagandang nagtatanghal sa BHB bilang tunay na hukbo ng bayan.

Maglunsad tayo ng iba't ibang aktibidad at proyekto para palaganapin ang temang "BHB: Tunay na Hukbo ng Bayan." Tutukan natin ang paglalarawan ng mga gawain ng BHB na nagpapakita kung papaano ito puspusang naglilingkod at malalim na nakalubog sa masa at kung papaano ito inaaruga at sinusuportahan ng masa. Ipakita rin na ang mga tagumpay na nakamit ng mamamayan ay sa pamamagitan ng kanilang organisadong pagsisikap at pagpapataas ng rebolusyonaryong kamulatan.

Gamitin natin and iba't ibang paraan at anyo ng propaganda, kabilang na ang mga paraan at anyong malawakang maipalalaganap at makaaabot, halimbawa tulad nq mqa pahayag na ipinalalaganap sa radyo at dyaryo, mga polyeto, mga poster, mga libro, mga bidyo dokumentaryo at iba pa. Ngayon pa ma'y nananawagan na para rito upang mapaghandaan na ang mga kinakailangang materyales at kasangkapan.

Edisyong Iloko Taon XXXV Blg. 3 Pebrero 7, 2004 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Militarisasyon sa Mindoro, militanteng nilalabanan

Isang matinding operasyong militar ang isinasagawa ngayon ng Armed Forces of the Philippines sa Paluan, isang maliit na bayan sa Occidental Mindoro. Sa kabila ng papalapit na muling pagbubukas ng pormal na usapang pangkapayapaan, pinaiiral ngayon ng rehimeng Arroyo at ng AFP ang batas militar sa naturang lugar.

Mataas na militansya ang ipinamamalas ng mamamayan sa harap ng matinding terorismo ng AFP sa Occidental Mindoro. Buong-tapang nilang pinaninindigan ang kanilang mga karapatang-tao, tinututulan ang panggigipit ng AFP at ginagawa ang lahat ng paraan upang isiwalat ang nagaganap na karahasang-militar doon.

Sa harap ng mga pananakot, pagsagka at pamamasistang militar, mahigpit ang pagpupursige ng KA-RAPATAN-Southern Tagalog upang maalalayan ang taumbaryo; at maimbestigahan, maisiwalat at maibsan ang mga pang-aabuso at pandarahas sa kanila ng mga

militar.

Mahigpit na nakipag-ugnayan at mainit na sumalubong ang mga Mangyan doon sa KARAPATAN-ST upang isiwalat ang katotohanan tungkol sa mga pang-aabusong militar at makipagkoordina para makatakas mula sa pagkukulong sa kanila sa impyernong ginawa ng mga militar sa kanilang mga komunidad.

Palipat-lipat ang mga Mangyan sa iba't ibang nilikasan dahil di sila tinantanan ng mga militar. Binagtas nila ang mas mahirap, mas mahaba at mas masalimuot na mga daan dahil sa mga pagbabanta at paghaharang ng mga militar.

Pagdating sa poblasyon ng Paluan, sa tulong ng KARAPATAN-ST ay nakasukob sila sa simbahang Katoliko. Pero di pa rin sila tinantanan at pilit pa ring pumapasok ang militar para kunin ang mga bakwit upang interogahin, takutin at gamiting giya sa mga operasyong militar ng AFP.

Ngunit matatag silang tumutol at tumanggi. Sa kabiguang duruin ang mga bakwit at sa sobrang kahihiyan, naglabas ang militar ng bulaang istorya sa midya na "idinedetine ng mga komunista ang mga Mangyan."

Salamin lamang ang Paluan sa tindi ng brutalidad at panlilinlang

Mga tampok sa isyung ito...

Mga pagbati sa ika-35 anibersaryo ng Partido PAHINA 3 Internet: Bagong larangan ng propaganda

PAHINA 6

Bush, walang makitang WMD sa Iraq

PAHINA 8